ban sa kagustuhan ng mga mamamayan sa lugal na kinalalagyan ng gusali. Ang alin mang gusali ng simbahan ay maaari lamang iyukol sa ibang kagamitan ng bayan kung ipapasya ng nakararaming boto ng bumubuo ng nayon na kinatitirikan ng gusali, o kung sa lugal na nasabi ay walang pulutong ng mga tao na gustong tumangkilik sa simbahan.

Ang kalayaan ng budhi sa Unyong Sobyet ay iginagawad din doon sa mga malalaya ang kaisipan (free thinkers and atheists) na magpalaganap ng kanilang mga paniniwala . Hindi ikinakaila na sa Unyong Sobyet ay may isang malakas na kilusan ng mga malalayang kaisipang ito, na marami ang kasapi lalo na sa kabataan. Ang mga taong ito ay gumagawa ng isang mabisa at pambihirang kampanya laban sa relihion, isang kampanya sangayon sa siyensiya, at para sa bagay na ito ay nakapagtayo sila ng maraming museo laban sa relihion, mga pahayangan, kasama ang iba pang uri ng pagpapalaganap ng kanilang simulain.

Maaari ring aminin na ang karamihan sa mga namumuno sa Rusya at gayon din ang opinyon publika ay sangayon sa mga malalayang kaisipan at laban sa mga dating uri ng pananampalataya. Ang mga ito ay naniniwala na ang pagunlad ng kanilang bagong paniniwala ay matatamo sa pamamagitan ng makatuwirang panghihikayat at silang lahat ay mahigpit na nagsisitaliba upang ang lahat ay magkaroon ng ganap na kalayaan sa pananampalatay o budhi.

Na ang ganitong kalayaan sa pananampalataya ay ganap sa Unyong Sobyet ay mahihinuha din natin sa sumusunod na pahayag ni Romain Roland, isa sa mga lalong tanyag na manunulat ng Pransiya (ang may bahay naman ni Roman Rolland ay Ruso sa kanyang Ama at Pranses sa kanyang Ina, at sa Rusia laging naninirahan buhat ng himagsikan) na may naalaman siyang mga matatanda na hindi naghihinto sa pagdalo ng pagsamba sa kanilang simbahan, at maski na kailan ay hindi napapakialaman o napapansin man, lamang ng may kapangyarihan dahil sa kanilang pagdalo. Ang mga ginagawang pagsamba sa loob at labas ng mga gusali ng simbahan ay may pangangalaga ang pamahlaan, at siño mang makikialam sa kanilang ginagawa ay walang salang mapaparusahan ng mga maykapangyarihan.

---

# Bayang Walang Diyos!!

*Tula ni PEDRO V. DEL ROSARIO*

---

*Dati ay imperyong ang lupaing sakop pati mamamayan*
*Ay aliping lubos at aring sarili ng iisang angkan,*
*Doon ang palagay sa mga mahirap ay tila hayop lang,*
*Parang kalakaling naipagbibili't naipamimigay,*
*Doon ang sabihi't anumang iutos ng naghaharing Sar*
*Ay utos na parang nanggaling sa Diyos na hindi masuway.*

*May busal ang bibig ng uring mahirap at di makakibo,*
*Hamak-hamakin man ng uring mayama'y kimi't nakayuko,*
*Nguni, palibhasa'y may wakas ang lahat sa mundong baligho't*
*Ang sangkatauhan habang tumatanda'y tungo sa pagtino,*
*Sa uring mahirap ay may dal'wang pantas at dakilang gurong*
*Nagturo ng landas sa mga maliit upang mapaanyo.*

*Sina Marx at Engels ang mga bayaning nag-alis ng takip*
*Na nakababalot sa pabalintunang demokrasyang burgés,*
*Demokrasyang bulok na sa mga dukha ay lasong mapait,*
*Subali at nektar sa mga mayaman na uring malupit;*
*Itinuro ni Marx na ang KALIGTASAN ng mga maliit*
*Ay nasa kanilang maka-uring hanay na mapanghimagsik.*

*Si Nicolas Lenin sa simulaing iya'y siyang nagsagawa,*
*Sa Rusya'y binuklod ang mga aliping kawal ng paggawa,*
*Siya ang nanguna sa wastong paraan ng pakikidigma*
*Upang maibagsak ang pangaalipin na kasumpasumpa;*
*At sila'y nagwagi...! Ang palalong uri'y bumagsak na bigla,*
*Ang kapangyariha'y nahulog sa kamay ng nasa ibaba.*

*Ang uring alipi'y nang magpakatibay sa pagkakaisa*
*Ay nailugpo nga sa Rusya ang uring mapagsamantala,*
*Doo'y naitayo ang isang dakila't tanging Republikang*
*Uring manggagawa ang namamahala't siyang nagdadala...*
*Isang Republika na ang simulai'y dakila't maganda:*
*Ang isa'y sa lahat at ang lahat naman ay para sa isa.*

*Doon ay linipol ang uring gahaman, sakim at maimbot*
*Na sa sambayana'y walang iniisip kungdi ang manghuthot,*
*Uring mapang-api, mapagbalatkayo at mapangbusabos*
*Na salapi lamang ang binabathala't tanging dinidiyos,*
*Halimaw na uri na may patakarang masama at buktot:*
*Katwiran ng LAKAS, di ng KATARUNGAN yaong sinusunod.*

*Kaunaunahang bansa palibhasa'y pinagtagumpayan*
*Ng aliping uring sa mapangalipi'y natutong manglaban*
*Kaya't siya ngayo'y bansang namumukod sa sangkalupaan,*
*Sa sangdaigdigang mga manggagawa'y tagapagsanggalang...*
*Pag-asa ng lahat ng bayang aliping sa paglaya'y uhaw,*
*Sa IMPERYALISMONG salot ng daigdig at lasong pamatay...!*

*At ngayon ang lahat ng kapitalistang bansa sa daigdig*
*Ay di naghuhumpay ng pag-iiringan at pagkakagalit,*
*Nangaguunahan sa muling paglapang sa mga maliit,*
*Mahihinang bayang sa lakas at yaman ay kanilang daig;*
*At isiping sila'y may kinikilalang Diyos na mabait*
*Na nagpaparusa sa sinomang taong sa kapwa'y malupit...!*

*Datapwa't ang RUSYANG kung tawagin nila'y BAYANG WALANG DIYOS*
*Ay KAPAYAPAAN sa lahat ang tanging lunggating taos,*
*Ang pangaalipin ng tao sa kapwa'y binabakang lubos,*
*At tinututulan ang pagdidigmaan na likha ng imbot;*
*Nais na ang LUPA'Y maging PARAISO na kalugudlugod*
*Na siya ring nasa't naging lunggatiin ng Dakilang Hesus...!*